

Maikling Buod

Ang Assembly Bill 617 (AB617), na isinabatas noong 2017 at pinangangasiwaan ng Lupon sa mga Tagatulong sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB), ay nag-aatas sa mga lokal na distrito ng hangin na makipagtulungan sa komunidad upang bumuo ng mga plano sa mga pagbabawas ng emisyon. Nakatuon ang mga planong ito sa pagpapabuti ng kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga emisyon mula sa at pagkakalantad sa mga lokal na pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa mga pinaka apektadong lugar. Noong 2021, inirekomenda ng Distrito ng Hanging (Air District) ng Bay Area ang East Oakland para sa pagbuo ng Planong Pagbawas ng Mga Emisyon sa Komunidad (Community Emissions Reduction Plan, CERP) dahil sa mataas na pasanin sa kalusugan ng mga residente sa mga lugar ng East Oakland, na nakakaranas ng hindi proporsyonal na mataas na pagkakalantad sa polusyon sa hangin. Ang mga pasilidad ng basura, crematory, at maliit hanggang katamtamang mga operasyong pang-industriya at pag-manufacture ay matatagpuan sa buong lugar. Kasama ng Oakland International Airport, ang malalaking warehouse distribution center, freeway at roadway na maraming dumaraan na sasakyan (I-880, I-238, I-580, Highway 92), mga ruta ng truck, mga transit bus, kagamitang pang-industriya, at mga riles ng kargamento at pampasahero ay nag-aambag lahat sa pasanin ng polusyon sa lugar.

Sinimulan ng Distrito ng Hangin ang gawain ng pagbuo ng Planong Pagbawas ng Mga Emisyon sa Komunidad (Plano) sa pamamagitan ng pagpili sa Mga Komunidad para sa Mas Magandang Kapaligiran (Communities for a Better Environment, CBE), isang organisasyon ng pangkapaligirang hustisya, bilang kasamang nangunguna para sa proyekto dahil sa matatag na ugnayan sa komunidad ng organisasyon at malawak na karanasan sa pagbuo ng kapasidad ng komunidad sa pagpapalano ng kalidad ng hangin sa East Oakland. Pagkatapos, pinili ng “Mga Co-Lead” (Distrito ng Hangin at CBE) ang mga miyembro ng Nangangasiwang Komite sa Komunidad ng East Oakland (East Oakland Community Steering Committee, CSC). Ang CSC ay isang magkakaibang grupo ng mga indibidwal na nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral sa komunidad ng East Oakland. Ang mga miyembro ng CSC ay kumakatawan sa isang malawak na hanay ng mga sektor, kabilang ang mga organisasyong nakabatay sa pananampalataya, kabataan, mga organisasyon sa komunidad, mga lokal na negosyo, industriya, gobyerno, residente, at mga matanda. Sa pagpili ng CSC noong 2022, sinimulan ng Mga Co-Lead at ng CSC ang proseso ng pagbuo ng parehong pag-unawa sa mga isyu sa kalidad ng lokal na hangin.

Bilang isang maagang hakbang sa pag-unawa sa mga isyu sa kalidad ng hangin, tinukoy ng Mga Komunidad para sa Mas Magandang Kapaligiran (CBE) at ng CSC ang mga pasilidad na may problema sa East Oakland – mga industriyal na negosyo na may paulit-ulit na paglabag, nakikitang alikabok, o mga amoy na maaaring magdulot ng mga epekto sa mga miyembro ng komunidad. Ang isang proyekto sa pagmamapa ng komunidad ay nagbigay-daan sa mga miyembro ng CSC at mga miyembro ng komunidad na bisitahin ang online na mapa at magdagdag ng mga pin at komento upang magbigay ng karagdagang insight sa mga lokasyon na may mga alalahanin sa polusyon sa hangin, mga asset ng komunidad at mga lugar ng pagtitipon na mahalaga sa mga residente sa East Oakland. Bukod pa rito, ilang pagpupulong ng CSC ang inilaan sa mga aktibidad ng brainstorming upang malaman ang mga alalahanin ng komunidad.

Ang mga lumalabas na tema mula sa mga aktibidad na ito, partikular na ang proyekto sa pagmamapa ng komunidad, ay nagbigay-daan sa anim na **lugar na pagtutuunan ng pansin**

ng Plano. Ang mga lugar na pagtutuunan ng pansin ay ang mga pangkalahatang kategorya ng mga alalahanin sa polusyon ng komunidad ng East Oakland na nag-organisa ng pagbuo ng estratehiya ng Plano, na nakalista gaya ng mga sumusunod:

1. **Binuong Paggamit ng Kapaligiran at Lupa:** Ang mas lumang pabahay at lapit sa mga pinagmumulan ng polusyon ay naglalantad sa mga residente – lalo na sa mga sensitibong tatanggap nito gaya ng mga bata – sa mga nakakapinsalang pollutant sa hangin, na nagti-trigger ng hika at iba pang mga problema sa kalusugan. Ang pagtugon sa mga kondisyong ito ay mahalaga para matiyak na ang mga residente ng East Oakland ay may parehong malinis, ligtas, at maayos na kapaligiran sa pamumuhay gaya ng mas mayayamang komunidad.
2. **Mga Pang-komersyal at Pang-industriyang Pinagmumulan:** Ang mga residente ng East Oakland ay hindi proporsyonal na nalalantad sa mapaminsalang polusyon sa hangin mula sa kalapit na mga pang-komersyal at pang-industriyang pinagmumulan dahil sa matagal nang industriyal na katangian ng lugar at legacy ng may tinatanging zoning. Ang lugar na pagtutuunan ng pansin na ito ay nagsisilbi sa mga mahalagang tungkuling nagpoprotekta sa kalusugan sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkakalantad sa mga nakakalason na emisyon, alikabok na kasama sa hangin, at lokal na polusyon sa hangin sa mga lugar ng East Oakland.
3. **Ilegal na Pagtatapon, Basura, at Mga Amoy:** Ang ilegal na pagtatapon ay isang pangunahing alalahanin para sa mga residente ng East Oakland, pinabababa ang kalidad ng buhay, nagpapakita ng mga palatandaan ng pagpapabaya sa institusyon at nag-aambag sa pakiramdam na hindi ligtas sa komunidad. Ang komunidad ay masigasig tungkol sa kahalagahan ng lugar na pagtutuunan ng pansin na ito upang matugunan ang laganap na basura, amoy, at polusyon sa pamamagitan ng mas malakas na pagpapatupad at pagtutulungan ng lungsod.
4. **Kalusugan ng Publiko at Pagiging Nasa Mabuting Kalagayan ng Komunidad:** Ang mga residente ng East Oakland ay nahaharap sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan - tulad ng mas maikling tagal ng buhay at mas mataas na bilang ng hika, sakit sa puso, at kanser. Nilalayan ng lugar na pagtutuunan ng pansin na ito na mapabuti ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga ahensya.
5. **Transportasyon at Naililipat na Pinagkukunan:** Ang mga residente ng East Oakland ay labis na naaapektuhan ng polusyon sa hangin mula sa mga sasakyan, truck, at pagpapatakbo ng paliparan dahil sa kanilang lapit sa mga pangunahing transit corridor tulad ng I-880 at Oakland International Airport. Makakatulong ang lugar na pagtutuunan ng pansin na ito na mabawasan ang mga mapaminsalang emisyon at ingay sa pamamagitan ng mga mas malinis na teknolohiya, mga pagbabago sa patakaran, at maagap na pagpapatupad.
6. **Paglalagay ng mga Puno sa Lungsod at Pagpapaunlad ng Mga Manggagawa:** Ang East Oakland ay nahaharap sa kakulangan ng pagtakip ng puno at hindi napapanatiling mga espasyo na may mga puno kumpara sa mas mayayamang lugar, na nakakaapekto sa kalusugan, kaginhawahan, at pag-access ng mga residente sa kalikasan. Ang lugar na pagtutuunan ng pansin na ito ay naglalayong isulong ang pagkakapantay-pantay sa kapaligiran at pagkakataong pang-ekonomiya sa pamamagitan ng paglalagay ng mga puno sa lungsod at paggawa ng lokal na trabaho na maka-kalikasan.

Dagdag pa sa mga isyu at hamon na natukoy ng komunidad, ang Plano ay batay sa komprehensibong teknikal na pag-assess. Ang Distrito ng Hangin ay bumuo ng isang imbentaryo ng mga emisyon para sa East Oakland na nagsuri ng mga lokal na nakapirmi at naililipat na pinagkukunan, kasama ang data para sa halos 400 pinapahintulatang pasilidad, at nag-ulat sa Pamantayan sa mga Nagpaparumi sa Hangin (Criteria Air Pollutants, mga CAP) at Nakalalasong Nagkokontamina sa Hangin (Toxic Air Contaminants, mga TAC). Nagbibigay ang mga ito ng kritikal na impormasyon tungkol sa polusyon at mga pinagmumulan na sumuporta sa pagbuo ng mga estratehiya at aksyon ng Plano.

Dinodokumento ng Plano ang bumubuong lahi, etniko at panlipunan at pang-ekonomiya ng lugar at nagbibigay ng pagsusuri ng mga resulta sa kalusugan ng mga residente ng East Oakland. Nakakarami sa East Oakland ang Latinx/Hispanic at Black/African American, at ito ay nagsisilbing isang makabuluhang hub na pangkultura. Gayunpaman, nagpapatuloy ang mas mataas na bilang ng sakit at maagang pagkamatay. Ang mga emergency na pagbisita at pagkakaospital na nauugnay sa hika ay mas karaniwan sa mga residente ng East Oakland kaysa sa lungsod o county sa kabuuan, at ang mga bilang ng mga namamatay dahil sa sakit sa puso, kanser sa бага at hindi gumagaling na obstructive pulmonary disease ay mas mataas sa East Oakland.

Sa pinakamahalagang bahagi ng Plano ay ang mga estratehiya at aksyon para mabawasan ang polusyon sa hangin at mapabuti ang kalusugan sa East Oakland. Ang mga alalahanin sa komunidad ay nagbigay ng pundasyon para sa pagbuo ng estratehiya at aksyon. Ang teknikal na pagsusuri ay nagbigay ng kritikal na impormasyon tungkol sa polusyon at mga pinagmumulan na sumusuporta sa pagbuo ng mga estratehiya at aksyon. Bukod pa rito, ang pagsasaliksik sa pinakamagandang mga kagawian at isang imbentaryo ng mga kasalukuyang programa, patakaran at inisyatiba ay binuo upang gumawa ng isang package ng mga estratehiya at aksyon upang matugunan ang mga natatanging hamon sa kalidad ng hangin ng East Oakland. Sa pamamagitan ng umuulit na proseso, ipinakita ng mga Co-Lead ang draft na mga estratehiya at aksyon sa mga miyembro ng CSC para sa feedback sa pagitan ng taglagas ng 2024 at tagsibol ng 2025. Ang draft na mga estratehiya at aksyon ay sinuri din ng mga teknikal na eksperto at mga katuwang sa pagpapatupad upang makatulong na matiyak ang pagiging naaalinsunod sa gawain ng mga katuwang ahensya tulad ng Port of Oakland, City of Oakland, Departamento ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County (Alameda County Public Health Department, ACPHD), Caltrans at ang Opisina ng Pag-assess ng Kalusugan kaugnay sa Kapaligiran at Panganib sa California (California Office of Environmental Health and Hazard Assessment, OEHHHA).

Ang 32 na estratehiya at 105 aksyon ng Plano ay naglalayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

- Layunin #1: Bawasan ang pagkakalantad ng East Oaklanders sa polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga emisyon mula sa mga pinagmumulan na tinukoy ng komunidad bilang mga pangunahing alalahanin.
- Layunin #2: Unahin ang mga aksyon na may pagkakataon na bawasan ang hindi proporsyon na mataas na epekto sa kalusugan na nauugnay sa polusyon sa hangin na nakakaapekto sa mga residente ng East Oakland upang makamit ang mga pagpapabuti sa kalusugan ng komunidad.
- Layunin #3: Bigyan ng kapangyarihan ang mga residente ng East Oakland na lumahok sa pagpapanagot sa mga nagpaparumi ng hangin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kanilang lokal na kaalaman sa pag-unawa sa mga pinagmumulan ng emisyon,

mga epekto sa kalusugan, mga regulasyon sa polusyon sa hangin at mga mekanismo ng pag-uulat.

Ang pakikipagtulungan sa pagitan ng Distrito ng Hangin at ng CSC ay magpapatuloy sa buong pagpapatupad ng Plano. Bawat taon ang Distrito ng Hangin at ang CSC ay magkasamang gagawa ng isang Iskedyul ng Pagpapatupad na nagbabalangkas ng mga paksa na bibigyan ng prayoridad para sa paparating na taon at mga kaugnay na estratehiya at aksyon. Ang iskedyul na ito ay bubuuin sa pakikipagtulungan sa nauugnay na Distrito ng Hangin, ahensiya ng gobyerno, at mga katuwang na tagapagpatupad. Ang mga taunang ulat ng progreso ay magsisilbing pangunahing tool para sa pagsusuri sa pagpapatupad ng Plano, kabilang ang pagbibigay ng pagkakataong i-update ang Plano kung kinakailangan upang ipakita ang progreso at nagbabagong mga prayoridad. Sa ikalimang taong anibersaryo ng pagpapatibay ng Plano, susuriin ng mga Co-Lead, CSC, at mga piling katuwang na ahensiya ang kanilang trabaho nang magkakasama at tutukuyin ang progreso patungo sa pagkamit ng mga layunin ng plano.